Ang REBOLUSYONARYONG LUNAS

*Ang Opisyal na Pahayagan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan - National Democratic Front of the Philippines (MSP - NDFP)*

Ispesyal Isyu | 2025

# Pahayag at Resolusyon ng Makabayang Samahang Pangkalusugan NCR Pagtitipon | Disyembre 6, 2025

Ngayong Disyembre 6, 2025, 47th anibersayo ng pagkakatatag ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP), nagkakaisang ipinapahayag ng mga kasapi ng MSP-NCR na:

1. Sobra-sobra ang pagdurusa ng mamamayang Pilipino sa walang kaparis na krisis pang-ekonomiya at pampulitika sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Sagad-sagad ang pagkagahaman at pasismo ng rehimeng US-Marcos-Duterte.

2. Tanging ang paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan ang solusyon sa lumulubhang kahirapan, pagkakasakit, talamak na korapsyon. Ito ang tatapos sa paghahari ng Imperyalismong US at papet na rehimeng Marcos-Duterte.

3. Mahalagang isanib ang lakas ng ating hanay sa sambayanang lumalaban, pukawin, organisahin at mobilisahin ang pinakamaraming manggagawa, propesyunal at estudyanteng pangkalusugan tungo sa pagsusulong ng rebolusyon.

Kaugnay nito, pinagtitibay natin ang ating komitment na:

1. Abutin at organisahin ang pinakamaraming miyembro ng sektor pangkalusugan para sa rebolusyon. Irekluta sa MSP at buuin at konsolidahin ang mga selula at balangay sa mga ospital, klinika, eskwelahan, departamento at ahensya.

2. Ialay ang kasanayan at kaalaman sa rebolusyon. Lumahok sa digmang bayan at sumapi sa BHB. Iambag ang natatanging kaalaman at kasanayan bilang rebolusyonaryo kabilang ang pagbibigay ng serbisyo, pagpapalitaw ng risorses at pagsasanay sa kalusugan para sa rebolusyonaryong pwersa at masa.

3. Aktibong lumahok sa demokratikong pakikibaka ng sektor at sambayanan at tuluy-tuloy na ilantad, ihiwalay hanggang maibagsak ang rehimeng US-Marcos-Duterte. Suportahan ang pakikibaka ng ibang inaaping sektor at uri ng lipunan. Abutin at pakilusin ang pinakamalawak na masa ng sektor at mamamayan para sa ating demokratikong interes at pagsusulong ng rebolusyon.

4. Maglunsad ng masiglang propaganda-edukasyon at pakilusin sa mga isyu at usaping hinahaharap ng sektor at ng buong mamamayan. Ilantad ang pagsusuri sa pambansang kalagayan at sitwasyong pangkalusugan sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na lipunan at ang kawastuhan ng demokratikong rebolusyon bilang solusyon sa mga batayang problema. Ipalaganap ang 12-puntong programa ng NDFP bilang alternatibo sa bulok na sistema.

5. Isulong ang pakikiisa at suporta sa mga mamamayang nakikibaka at nagrerebolusyon sa ibang bansa. Palakasin ang anti-imperyalista at anti-pasista at rebolusyonaryong propaganda at pagkilos kasama ng ibang mamamayan sa daigdig.